PINOY RICE KNOWLEDGE BANK
www.pinoyrkb.com

HANDOUT series

For more information, please call/text us at: 0920-911-1398 or visit:
www.philrice.gov.ph | www.pinoyrkb.com | www.openacademy.ph

Maaari bang mag-ani kahit umuulan?

- Ang pag-aani ay isinasagawa ng walang ulan upang maiwasan ang pagkakasakit ng tao at pagdikit ng palay sa lupa na magiging sanhi ng pagtapon.
- Mas mahirap giikin ang palay na ginapas ng basa, dumidikit sa dayami ang butil, at mas maraming tapon sa paggiik.
- Marami ang sumasamang may laman na butil sa kalog at tulyapis kapag nililinis ito.
- Hirap ang blower o panlinis kung basa ang ginigiik na palay. Kung minsan ay napupuno at nagbabara ang screen nito na nagpapabagal ng pagigiik.
- Mahirap magpatuyo ng palay kapag ito'y naulanan. Nangangailangan ito ng pagbaligtad ng mga inaning palay para matuyo ng parehas bago giikin.
- Ang pag-iipon ng bagong gapas gamit ng sistemang baterya ay nagdudulot ng mabilis na pag-init ng palay na siyang sanhi ng pag-iibang kulay ng balat ng butil. Kapag ganito, ang presyo ng bigas ay naibebenta ng mura.

Kapag ang palay ay magulang na, kailangan na itong anihin upang maiwasan ang maraming tapon. Kung natapat naman ng may-ulan, ipinapayong ihinto ang pag-aani dahil mas maraming matatapong butil kung gagapasin ng umuulan. Ang butil ay didikit sa lupa na magiging sanhi ng madaling pagkalugas.

PHILRICE

Fair use of this material is encouraged. Proper citation is requested. | © 2010 PhilRice